Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG PEBRERO 9, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ......... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon D. Tan ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 032-T'2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 2-T2009 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T2009 NG BARANGAY DUHAT, BAYANG ITO NA NAGPAPATIBAY SA TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG MILYON DALAWANGDAAN SIYAMNAPU'T APAT NA LIBO ANIMNARAAN TATLUMPU'T ANIM NA PISO AT LABINDALAWANG SENTIMOS (P2,294,636.12).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 2-T2009 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Duhat na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2009 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan.

**SAPAGKA'T,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng Duhat.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at John Carlos C. delos Reyes at sa buong-pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 2-T2009 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T2009 ng Barangay Duhat, bayang ito, na nagpapatibay sa Taunang Badyet para sa taong ito na nagkakahalaga ng P2,294,636.12.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Brgy. Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan